



Paano makipag-ugnayan sa amin

taxombudsman.gov.au

1300 44 88 29

(lokal na halaga ng tawag)

enquiries@taxombudsman.gov.au

GPO Box 551, Sydney NSW 2001

Para sa **libreng** serbisyo sa pagsasalinwika at interpretasyon, tumawag sa **131 450** at hilingin ang **1300 44 88 29**.

Kung ikaw ay bingi, may kapansanan sa pandinig, o nahihirapan sa pagsasalita o komunikasyon, mangyaring bisitahin ang accesshub.gov.au para sa tulong.



Reklamo sa buwis?

Tinutulungan naming gawing patas ang mga sistema ng buwis at superannuation sa Australya.

Sinusuri namin ang mga reklamo tungkol sa Australian Taxation Office (ATO) at sa Tax Practitioners Board (TPB) at tinutulungan naming lutasin ang mga ito.

Filipino





Paano ka namin matutulungan

Maaari kang makipag-ugnayan sa amin kung naniniwala kang hindi patas o hindi makatwiran ang pagtrato sa iyo ng ATO o TPB. Makakatulong kami sa mga reklamo tungkol sa:

- mga pagkaantala sa mga refund o pagbabayad ng buwis
- mahinang serbisyo o hindi patas na pagtrato
- mga utang sa buwis o mga plano sa pagbabayad ng sinisingil na utang
- o mga singil sa interes
- mga kaayusan sa kahirapan sa pananalapi
- mga nawawalang bayad sa garantiya ng superannuation
- mga utang sa buwis ng kumpanya o mga Paunawa sa Penalty ng Direktor.

Libre at independiyente ang aming serbisyo.

Kung hindi ka sigurado kung makakatulong kami, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

Kung ang iyong isyu ay wala sa aming tungkulin, susubukan naming idirekta ka sa tamang organisasyon para sa tulong.

Hindi kami makakapagbigay ng payo tungkol sa iyong tax return o kung magkano ang buwis na dapat mong bayaran.

Paano maghain ng reklamo

Dapat ay nakapagreklamo ka na sa ATO o TPB bago ka namin matulungan.

Para maghain ng reklamo, bisitahin ang [taxombudsman.gov.au](https://www.taxombudsman.gov.au) at piliin ang **“Lodge a complaint.”**

Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang opisyal ng imbestigasyon sa loob ng 2 araw ng negosyo upang kumpirmahin ang iyong reklamo at makipag-usap sa iyo tungkol sa mga susunod na hakbang.